# Sino ang Maysala?

Dr. MARIBEL A. GUTIERREZ
Batangas State University-The National Engineering University

I
Sa lilim ng punong manga na ang sangay malalabay
Ating makikita dalawang magkasi nagpapaalaman
Pagkat ang binata , pupunta sa abroad maghahanapbuhay
Pag siya daw ay dumating ay saka naman sila pakakasal

II
Kaya ang dalaga ng sandalling iyon ay lubhang mapanglaw
Lalo ng sabihin nitong kanyang "Irog" ang salitang "Paalam"
Huwag kang mangamba ako ay babalik isang taon lamang
Akoy magtitipon ng para sa sa ating kinabukasan

III
Ngunit ang dalaga hindi napigilan ang kanyang pagluha
Lalo ng hawakan itong kanyang kamay ng ating binata
Ang wika sa kanya ikaw ay manalig sa'king isinumpa
Na ako'y babalik kita'y ihahatid hanggang sa dambana

IV
Nang may isang buwan ang ating binata na nakakaalis
Tuloy ang padala sa kaniyang "Sweetheart ng mga Loveletter"
At sa kanyang sulat laging nakalagay "I Love You Forever"
Hindi magtataksil sa isinumpa kong wagas na pag-ibig

V
Ang ating dalaga ay nagpatuloy sa kanyang paghihintay
Ang kanyang pag-asa ito ay babalik sila'y pakakasal
Ngunit hindi alam, hindi na babalik itong hinihintay
Sapagkat napikot isang "Arabiana" ang pinakasalan

VI
Itong kanyang amo mayroon palang anak na isang dalaga
Nang siya'y dumating at nakita ay humanga sa kanya
Pag mapapag solo sila'y naiiwan, sila lamang dalawa
Ay nagpapakita ito ng motibo at sya'y natukso na

VII
Minsang isang araw ay nadatna nitong kanyang amo
Sila ay nasubok na naghahalikan sa loob ng kwarto
Sa galit ng ama siya'y tinutukan ng kwarentay singko
Huwag kang aalis itong aking anak ay pakakasalan mo

VIII
Ito ang syang tunay na nangyari sa ating binata
At naala-ala ang iniwang sinta sa kanilang bansa
Kanya ding naisip ang kanyang mga pangako at isinumpa
Ngunit magsisi man walang mangyayari walang magagawa

IX
Kaya may gabing hindi sya dalawin ng matinding antok
Pabali-baligtad, pipikit-didilat hindi makatulog
Ang kanyang nawika bakit kaya ako ay naging mapusok
Di nakapagtimpi ang hibo ng tukso ang siyang sinunod

X
Kangyang pagsisisi ay gayon na lamang
Kanyang nagunita itong kanyang kasi na kanyang iniwan
Kanilang pangarap, kastilyong buhangin na biglang naparam
Na di na babalik ang sanhi dahilan itong kapusukan

XI
Ating balikan ang mutyang dalaga na kanyang iniwan
Mula nang siya ay umalis nangyari sa kanya ay nabalitaan
Hindi makakain hindi makatulog ulo’y nahanginan
Siya’y naging baliw dahil sa “Pag-ibig at Pagsintang” tunay

XII
Ikaw ay maaawa pag iyong nakita ang kaniyang ayos
Lagi sa lansangan damit ay marumi at gulo ang buhok
Na parang tulala na bubulong bulong ang noo ay kunot
Minsan ay naiyak at nananambitan ng kalunos lunos

XIII
Sa nangyaring ito ay sino ang ating dapat na sisihin
Di itong binatang kaydaling natukso at di nakapagpigil
Kung sya lang ay narito kanyang makikita ang “Mutya nyang Giliw”
Bato man ang puso pilit maaagnas sya’y maaawa din

XIV
Itong kasaysayan inyong napakinggan at inyong nabasa
Ito’y isang aral sa magkasintahan lubha pa’t bata pa
Sa mga binata dapat na tuparin itong sumpa nila
Sa dalaga naman huwag magtiwala sila kapagdaka

XV
Sa nangyaring ito, ito ang aking tanong “Sino ang Maysala”?
Ito bang binata o naging asawang isang Arabiana?

-Wakas-